

**PAUNAWA UKOL SA PANUKALANG KASUNDUAN NG CLASS ACTION
LAWSUIT**

ABISO: Lahat ngtaong may kapansanan, tulad ng tinutukoy sa Americans with Disabilities Act, na nakatira sa Lungsod ng Los Angeles hurisdiksyom

ABISO: Lahat ng taong may kapansanan, tulad ng tinutukoy sa Americans Disabilities Act, na nakatira sa Lungsod ng Los Angeles at mga nasasakupan at pinaglilingkuran ng mga programa at serbisyong paghahanda at biglaang pangangailangan sa Lungsod ng Los Angeles at Probinsya (County) ng Los Angeles.

PAUNAWA UKOL SA Class Action

Ang layunin ng paunawang ito ay upang ipaalam sa inyo ang iminungkahing kasunduan sa nakabinbing class action lawsuit na isinama sa ngalan ng mga taong mga kapansanan na nakatira sa Lungsod ng Los Angeles at nasasakupan at pinaglilingkuran ng mga programa at serbisyong paghahanda at biglaang pangangailangan sa Lungsod ng Los Angeles at Probinsya (County) ng Los Angeles. Ang kasunduan sa class action (the "Settlement Agreement"), na dapat pagtibayin ng Hukuman , ay binuo sa County ng Los Angeles kaugnay sa kasong, Communities Actively Living Independent and Free, et al. v. City and County of Los Angeles, Cal. Case No. CV 09-0287 CBM (RZx). Ang kaso, na hinain noong 2009, ay naninindigan na ang Lungsod at Probinsya (County) ng Los Angeles ay dumiskrimina laban sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng hindi pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan sa konteksto ng plan ng kanilang biglaang pangangailangan. . Itinatangi ng Probinsya (County) ng Los Angeles ang anumang pananagutan o pagkakamali. Ang Probinsya (County) ng Los Angeles lamang ang sakop ng kasunduang ito. Ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi kabilang sa kontrata ng kasunduan, at saklaw ito ng hiwalay na kautusan ng Hukuman.

Paunawa Ukol sa Class Action

Ang layunin ng paunawang ito ay upang ipaalam sa inyo ang iminungkahing kasunduan sa nakabinbing class action lawsuit na isinama sa ngalan ng mga taong may kapansanan na nakatira sa Lungsod ng Los Angeles at nasasakupan at pinaglilingkuran ng mga programa at serbisyo sa paghahanda at biglaang pangangailangan sa Lungsod ng Los Angeles at Probinsya (County) ng Los Angeles. Ang kasunduan sa class action (the "Settlement Agreement"), na dapat pagtibayin ng Hukuman, ay binuo sa Probinsya (County) ng Los Angeles kaugnay sa kasong Communities Actively Living Independent and Free, et al. v. City and County of Los Angeles, Cal. Case No. CV 09-0287 CBM (RZx). Ang kaso, na inihain noong 2009, ay naninindigan na ang Lungsod at Probinsya (County) ng Los Angeles ay dumiskrimina laban sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng hindi pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan sa konteksto ng plano ng kanilang biglaang pangangailangan. Itinatangi ng Probinsya (County) ng Los Angeles ang anumang pananagutan o pagkakamali. Ang

Probinsya (County) ng Los Angeles lamang ang sakop ng kasunduang ito. Ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi kabilang sa kontrata ng kasunduan, at saklaw ito ng hiwalay na kautusan ng Hukuman.

Kahulugan ng Settlement Class

Kung ikaw ay may kapansanan at nakatira sa Lungsod ng Los Angeles at nasasakupan at pinaglilingkuran ng mga programa at serbisyong paghahanda at biglaang pangangailangan ng Lungsod ng Los Angeles at Probinsya (County) ng Los Angeles, ikaw ay kabilang sa iminungkahing pangkalahatang kasunduan na apektado ng kasong ito. Mangyaring basahin nang maingat ang paunawang ito maaaring maapektuhan ang iyong mga karapatan.

BUOD NG IPINANUKALANG SETTLEMENT AGREEMENT

Bilang bahagi ng kasunduan, ang Probinsya (County) ay gumawa o magsasagawa ng ilang ng mga hakbang sa mga planong pang-emerhensya upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan:

Disability and AFN Annex

Isinulat ng Probinsya (County) ang tinatawag na Disability and Access and Functional Needs Annex ("Disability and AFN Annex"). Ito ay karugtong sa Los Angeles County Operational Area Emergency Response Plan. Ang Disability and AFN Annex ay gagamitin bilang bahagi ng pagpapalano sa paghahanda sa biglaang pangangailangan ng County. Ang Disability and AFN Annex ay tumutugon sa mga kritikal na isyu kaugnay sa pang-kalamidad na pangangailangan ng mga taong may kapansanan at kumakabilang sa buong espektro ng kapansanan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kapansanan sa pagkilos, kapansanan sa pandama, kapansanang pangkaisipan, at kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip at tumutukoy sa pagpapalano pang-emerhensya ng Probinsya (County) na may pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa pagpapalano ng biglaang pangangailan.

Halimbawa, sa Disability and AFN Annex, ipinaliliwanag nito na para sa layunin ng pagpapaunawa ukol sa pampublikong emerhensya, titiyakin ng County na alam ng mga taong may kapansanan ang tungkol sa kasalukuyang pangkalahatang sistema ng pagbibigay-alam (mass notification system) at ang paggamit ng ng County ng iba't-ibang pamamaraan ng komunikasyon. Sa ilalim ng Annex, ang County ay makikilahok sa iba't-ibang mga gawain upang matiyak ang sapat na bilang ng transportasyon na magagamit sa panahon ng mga pag-likas at iba pang mga gawaing pang-emerhensya. Ang County ay magpapatuloy sa pakikipag-ugnayan sa mga vendor, iba pang mga kagawaran, at samahan upang matiyak na ang mga kinakailangang kanlungan (shelter) ay sigurado. Panghuli, tinitiyak ng Annex ang pagpapalano sa pagpapatuloy ng serbisyo para sa mga taong may kapansanan at access at functional na mga pangangailangan. Ang mga bagay na tinalakay sa itaas ay mga halimbawa lamang ng maraming kritikal na paksang tinalakay sa Annex. Ang kasalukuyang Disability and AFN Annex na nakalakip sa Settlement Agreement ay nasa anyong pansamantala (draft), at bilang bahagi ng

kasunduan , ay patuloy na t kukumpletuhin alinsunod sa gagawing plano (Work Plan) na inilarawan sa ibaba.

Bagama't binuo ang Disability and AFN Annex bilang isang hiwalay na dokumento mula sa Emergency Response Plan, sinang-ayunan ng County bilang bahagi ng kasunduan na ang kapansanan at mga problema ukol access at functional na pangangailangan ay isasama sa pagpaplanong pang-emerhensya sa buong County.

Pagbuo sa Work Plan

Sa pagbuo ng Disability and AFN Annex, natukoy ng mga partido ang ilang mga suliranin na nangangailangan ng pagbuo ng mga karagdagang annexes o mga patakarán, pati na rin ang mga karagdagang gawain na kinakailangan upang matapos ang kasalukuyang salin ng Disability and AFN Annex. Bilang bahagi ng kasunduan, bumuo ang County ng Work Plan na may tiyak na mga resulta at takdang oras upang mabuo at makumpleto ang mga karagdagang bagay. Kabilang sa mga bagay na ito, bukod sa iba pa, ang pagpapalit ng mga website ng County sa iba't ibang accessible na format, pagtukoy at pagtiyak na ang mga naunang-tinukoy na mga lugar na kanlungan (shelter sites) aykayang puntahan ng mga taong may kapansanan, pagbuo ng mga pamantayan para sa pagpili ng iba pang mga kanlungan na pinamamahalaan ng County upang mapalawak ang accessibility, pagtaguyod at pagpapanatili ng mga kontak kasama ang mga pangunahing stakeholder, pagpapakalat ng paghahanda at pang-edukasyong materyales, pagsusumikap upang matukoy ang mga pamamaraan para mapabuti ang pang-emerhensiyang komunikasyon para sa mga taong may kapansanan at access at functional na mga pangangailangan, at pagbuo ng isang recovery working group na kabilang ang mga pangunahing stakeholder sa pagsasaalang-alang sa mga taong may mga kapansanan at access at functional na mga pangangailangan. Ang mga magigin resulta sa Work Plan ay ipapatupad sa kabuuan ng panahon ng pangangasiwa (Oversight Period).

AFN Coordinator

Bilang bahagi ng kasunduan, ang County ay umarkila din ng Access and Functional Needs ("AFN") Coordinator na magiging pangunahing empleyado ng County na siyang responsable upang matiyak na matutugunan ng pagpaplanong pang-emerhensya ng County ng Los Angeles ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan. Ang AFN Coordinator ay magsisilbi at direktang makikipag-ugnayan sa iba pang mga ahensya at mga tauhan sa County na may pananagutan para sa pagpaplanong pang-emerhensya.

Opinyon ng Komunidad

Sa pagbubuo ng Disability and AFN Annex, hiniling at isinaalang-alang ng County ang mg puna at komento na saklaw at nilalaman ng kasalukuyang salin ng Disability and AFN Annex, kung alinman inilakip ang mga komento mula sa publiko, sa US Department of Justice (Kagawaran ng Katarungan), at mula sa kasangguni ng mga nagrereklamo. Inilathala din ng County ang Disability and AFN Annex para sa pampublikong komento at gaganapin sa isang pampublikong pagdinig para sa mga opinyon.

Bilang bahagi ng kasalukuyang istraktura ng pamamahalang pang-emerhensya (emergency management structure), mayroong Operational Area Advisory Board (OAAB), kung saan ang mga miyembro nito ay mga kabilang sa mga kapanalig ng pamahalaan (kabilang ang County, lungsod, mga lokal na nasasakupan sa loob ng County), mga espesyal na distrito tulad ng pampublikong paaralan, sanitasyon, at mga distrito ng tubig, at di-pampamahalaang serbisyong pang-emerhensya kabilang ang mga pang-komunidad at relihiyosong mga samahan. Bilang bahagi ng tugon ng komunidad, isinama rin ng OAAB ang tatlong posisyon na nakatalaga para sa mga organisasyon na kumakatawan sa pisikal, pandama, at cognitive na mga kapansanan. Mayroon ding isang AFN Committee ang OAAB na sumasaklaw sa kinatawan ng pamahalaan at di-pampamahalaang mga ahensya na may interes sa, tagapagtaguyod para sa, at/o nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan. Ang OAAB at AFN Committee ay patuloy na magkakaroon ng opinyon para sa Disability and AFN Annex at sa pagpapatupad ng Work Plan.

Panghuli, may mga lugar na nangangailangan ng tulong (outreach) ng County at/o ng mga (pagpapayo) Monitor (inilarawan sa ibaba) sa mga pamayanan ng may kapansanan, kasama ang hindi bababa sa mga natukoy na labimpitong (17) organisasyon, kabilang, ngunit hindi limitado sa, Regional Living Centers, Independent Living Centers, mga espisipikong ahensya para sa mga may kapansanan (tulad ng California Council of the Blind at Greater Los Angeles Agency on Deafness), at iba pang mga organisasyon para sa mga may kapansanan.

Pagsubaybay at Oversight Period

Sa ilalim ng kasunduan, ang County ay susubaybayan sa loob nang hindi bababa sa anim (6) na taon, kung saan mananatili sa Hukuman ang kapangyarihan sa layunin ng pagpapatupad ukol sa kaso. Ito ang tinatawag na panahon ng pangangasiwa (Oversight Period).

Ang County ay aarkila ng isang pangatlong-partido na kumpanyang magsusubaybay, ang Global Vision Consortium (GVC), na sinang-ayunan ng parehong partido. Ipatatupad ng GVC ang mga responsibilidad ng mga tungkulin sa pagsubaybay, kung saan kabilang ang pagsusuri sa pag-unlad ng County sa pagpapatupad ng Work Plan at pagsusuri kung alin sa lawak ng gawain ng County ang matagumpay na tumutugon sa pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa konteksto ng pagpaplanong pang-emerhensiya.

Resolusyon ng mga Claim Paglalansag Ng Mga Karapatan

Ang kasunduan ito ay tumatalikda at bumibitiw sa lahat ng pangkalahatang paghahabol (class-wide claims) para sa declaratory at injunctive relief laban sa County at ang mga ahente nito, tagapagmana, pinaglalaanan, at mga opisyal, na kasangkot sa kasong a isinama noong Enero 14, 2009, sa buong panahon na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Hukuman ukol sa usaping ito.

Ang kontrata ng kasunduan (Settlement Agreement) ay hindi nagbibigay ng anumang pinansyal na lunas para sa sinumang nagrereklamo o class member at hindi nagbibigay ng anumang damage claim na maaaring makuha ng sinumang class member.

Bayad sa Abugado

Ang grupo ay ikinatawan ng Disability Rights Advocates at Disability Rights Legal Center ("Class Counsel"). Ang County ay sumasang-ayon na bayaran ang Class Counsel ng \$1.225 milyon para sa mga makatuwirang bayarin para sa abogado at gastos para sa oras na nagamit at mga gastos na natamo sa panahon ng kaso. Ang County ay sumasang-ayon din na magbayad sa Class Counsel ng hanggang \$75,000 sa mga bayarin sa abogado at gastos para sa layunin ng pagsusuri sa progreso ng pagpapatupad ng Annex at Work Plan sa panahon ng Oversight Period. Kailangang aprubahan ng Korte ang halaga ng mga bayarin na iginawad sa Class Counsel.

Pagiging Patas ng Kasunduan

Pinagtibay ng Class Counsel na ang mga tuntunin at kundisyon ng iminungkahing kontrata ng kasunduan (Settlement Agreement) ay makatarungan, makatwiran, at para sa pinakamahusay na interes ng grupo. Sa pag-abot ng konklusyon na ito, isinaalang-alang ng Class Counsel ang mga pakinabang sa kasunduan, ang mga posibleng resulta ng patuloy na paglilitis sa mga usaping ito, ang gastos, tagal ng patuloy na paglilitis at mga posibleng apila.

PAGTUTOL SA KASUNDUAN

Ipinagkaloob ng Hukuman ang paunang pahintulot sa kontrata ng kasunduan (Settlement Agreement), at itinakda ang araw ng pagdinig sa Mayo 14, 2013, 9:00 sa Courtroom of the Honorable Consuelo B. Marshall, United States District Court for the Central District of California, 312 North Spring Street, Los Angeles, CA 90012 upang matukoy kung ang ipinanukalang kasunduan ay makatarungan at makatwiran at dapat nang aprubahan. Bagaman hindi mo kinakailangang dumalo, bilang isang Class Member, mayroon kang karapatan na dumalo at marinig ang iyong panig sa pagdinig na ito. Ang petsa ng pagdinig ay maaaring baguhin ng Hukuman nang walang karagdagang abiso sa buong grupo. Kung nais mong mapabilang sa serbisyong listahan para malaman ang ukol sa anumang pagbabago sa itinakdang araw, mangyaring maghain ng abiso sa pagaharap o pagtutol (notice of appearance or objection) sa Hukuman.

Karagdagan nito, kung hindi sumasang-ayon sa kasunduan, ang sinumang Class Member ay maaaring tumutol sa mga tuntunin ng ipinanukalang Settlement Agreement na inilarawan sa itaas sa pamamagitan ng pagsumite ng kanilang pagtutol sa Class Counsel sa pamamagitan ng sulat, sa pamamagitan ng regular o electronic mail, o sa pamamagitan ng pag-iwan ng mensahe ng pagtutol sa pamamagitan ng telepono, TTY at/o Video Relay Service, o sa isang toll free na numero na ibibigay ng Class Counsel. Kung nais mong tumutol, dapat mong isumite ang iyong pagtutol nang hindi lalampas sa Abril 6, 2013. Ang lahat ng mga pagtutol ay ibibigay ng Class Counsel sa County Counsel sa loob ng limang araw at ihahain sa Korte. Ang mga tumututol na Class Members lamang ang may karapatan, kung hiniling nila ito sa kanilang Objection, upang

maipahayag ang pagtutol sa pangmakatarungang pagdinig (fairness hearing). Ang sinumang Class Member na mabigong makapagsumite ng isang napapanahong pagtutol ay hindi maaaring mabigyan ng karapatan upang humarap sa pagdinig ng Hukuman upang gumawa ng mga pagtutol ukol sa kasapatan at/o pagiging patas ng ipinanukalang kasunduan.

Mangyaring magsumite ng anumang pagtutol sa:

Abogado Para sa Grupo Ng Mga Nagrereklamo at Kasunduan sa Kontrata
:

Attn: CALIF v. County of Los Angeles Settlement
Disability Rights Advocates
2001 Center St., Fourth Floor
Berkeley, CA 94704
email: general@dralegal.org
Libreng Numero: (877) 603-4579
TTY: (510) 665-8716 or (877) 603-4578

**KUNG HINDI KA TUMUTUTOL SA KASUNDUANG ITO, HINDI MO
KAILANGANG MAGPAKITA O MAGHAIN NG ANUMAN SA PAMAMAGITAN
NG SULAT.**

NAGBUBUKLOD NA EPEKTO

Ang ipinanukalang Settlement Agreement, kung binigyan ng pang-wakas na pahintulot ng Hukuman, ang sasaklaw sa lahat ng miyembro ng Settlement Class para sa kabuuan ng Oversight Period. Pinagbabawalan nito ang sinumang miyembro ng Settlement Class na maghanap ng karampatang ginhawa (equitable relief) sa lahat ng mga napagpasyahang usapin sa ilalim ng kontrata ng kasunduan (Settlement Agreement) para sa taning na panahon ng kasunduan, bukod pa sa anumang mga paghahabol sa pagpapatupad ng kasunduan.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang kaso at ang mga tuntunin ng kasunduang ito ay naka-buod lamang sa Abisong ito. Ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa kasunduan o isang kopya ng Settlement Agreement ay maaaring makuha mula sa Class Counsel sa sumusunod na address:

Disability Rights Advocates
Attn: Shawna L. Parks
2001 Center St., Fourth Floor
Berkeley, CA 94704
510-665-8644 (Voice)
510-665-8716 (TTY)

HOA.958348.1

Communities Actively Living Independent and Free, et al. v. City and County of Los Angeles
Abiso Ukol Sa Ipinakukalang Kasunduan

email: sparks@dralegal.org o general@dralegal.org

o sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Class Counsel sa: www.dralegal.org o www.disabilityrightslegalcenter.org

o sa pamamagitan ng pagkonsulta sa pampublikong file ng kaso sa Office of the Clerk sa sumusunod na address:

Clerk of the United States District Court
Central District of California
312 North Spring Street
Los Angeles, CA 90012
Sanggunian: *Communities Actively Living Independent and Free, et al. v. City and County of Los Angeles*, Kaso Bilang CV 09-0287 CBM (RZx)

Upang makakuha ng mga kopya nitong Abiso sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa Class Counsel na nakalista sa itaas.